# Bakuna para sa COVID-19

Society for Maternal•Fetal Medicine
High-risk pregnancy experts

SERYE NG EDUKASYON PARA SA PASYENTE

Ang pagbabakuna para sa COVID-19 kapag buntis ay ang pinakamahusay na paraan upang mabawasan ang mga panganib ng pagkakaroon ng impeksyon sa COVID-19 para sa iyo at sa iyong sanggol. Nirerekomenda ng Samahan para sa Panggagamot ng Ina at Fetus (Society for Maternal-Fetal Medicine, SMFM), kasama ang mga ibang eksperto sa pagbubuntis, kasama ang Kolehiyo ng Amerika ng Mga Obstetrician at Gynecologist (American College of Obstetricians and Gynecologists) at Akademya ng Amerika ng Pediatrics (American Academy of Pediatrics), na ang mga kababaihang buntis, nagpapasuso, sinusubukang mabuntis ngayon, o maaaring mabuntis sa hinaharap, ay mabakunahan laban sa COVID-19.

## Paano maaapektuhan ng COVID-19 ang mga buntis?

Bagama't karamihan sa mga buntis na kababaihan na may COVID-19 ay may banayad lamang na karamdaman, humigit-kumulang 1 sa 10 ay magkakaroon ng malubhang karamdaman. Kung ikukumpara sa mga hindi buntis, ang mga buntis na kababaihan na nahawaan ng COVID-19 virus:

- Ay 3 beses na mas malamang na mangangailangan ng pangangalaga sa ICU
- Ay 2 hanggang 3 beses na mas malamang na mangangailangan ng maagang suporta sa buhay at tubo sa paghinga
- Ay may maliit na pagtaas ng panganib na mamatay dahil sa COVID-19

Ang impeksyon sa COVID-19 ay maaari ring magpataas ng panganib ng mga kumplikasyon sa pagbubuntis, kabilang ang panganganak ng patay na sanggol at maagang panganganak.

Ipinapakita ng data na ang mas matatandang buntis na kababaihan ang mga dati nang may kondisyon sa kalusugan, tulad ng labis na katabaan, diabetes, at mga sakit sa puso ay may mas mataas na panganib ng pagkakaroon ng malubhang karamdaman at pagkamatay mula sa COVID-19.

## Bakit ako dapat magpabakuna para sa COVID-19 sa panahon ng pagbubuntis?

Kung ikaw ay buntis o nagpaplanong mabuntis, isaalang-alang ang pakikipag-usap sa iyong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa bakuna. Narito ang ilang mahahalagang puntong dapat pag-isipan:

***Gumagana ang Mga Bakuna***

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay paulit-ulit na nakitang nakakatulong na magbigay proteksiyon mula sa matinding karamdaman, pag-ospital, at kamatayan kung mahawaan ka ng COVID-19.

***Makakatulong ang Pagpapabakuna sa Pagprotekta sa Iyong Sanggol***

Ang pagbababakuna habang buntis ay nakakatulong sa iyong **immune system** na lumikha ng mga anti-COVID-19 na **mga antibody**, na pagkatapos ay ipapasa sa sanggol mo sa pamamagitan ng **inunan**. Pinoprotektahan ng mga antibody na ito ang iyong sanggol mula sa malubhang sakit na COVID-19 at pagkaka-ospital hanggang sa mabakunahan sila sa edad na 6 na buwan.

***Ang Mga Bakuna ay Hindi Nakakapasok sa Inunan o Nakakaapekto sa Kakayahang Magkaanak sa Hinaharap***

Ang kasalukuyang mga bakuna sa COVID-19 ay hindi mga buhay na bakuna. Ang mga bakuna ay hindi pumapasok sa **inunan** dahil ang mga ito ay mabilis na nasisira ng kalamnan kung saan ibinigay ang mga ito. Tandaan—tinutulungan ng bakuna ang iyong katawan na gumawa ng mga pamproteksiyon na antibody, na tumatawid sa inunan at tumutulong na protektahan ang iyong sanggol pagkatapos nilang ipanganak.

Walang katibayan na ang mga bakuna ay nakakaapekto sa pagkamayabong sa hinaharap o nagiging sanhi ng malalaking pagbabago sa cycle ng regla.

## Kailan ako dapat magpabakuna?

Maaari kang mabakunahan anumang oras sa panahon ng pagbubuntis. Ang pagkuha ng paunang dosis ng COVID-19 o mga booster na dosis ay hindi ipinakitang nagpapataas ng panganib ng pagkawala ng pagbubuntis o pagkalaglag. Ipinapakita ng sumusunod na impormasyon ang mga magagamit na bakuna at ang mga inirerekomendang dosis na dapat mong matanggap sa 2025–2026 batay sa iyong kasaysayan ng pagbabakuna laban sa COVID-19.

Kung HINDI ka pa nagkaroon ng bakuna para sa COVID-19:

| *Bakuna:* | Bilang ng mga dosis na makukuha sa 2025-2026 | Oras ng paghihintay sa pagitan ng mga dosis |
|---|---|---|
| Moderna, O | 1 | N/A |
| Pfizer, O | 1 | N/A |
| Novavax (para sa mga edad na 12 at mas matanda lang) | 2 | 3-8 linggo sa pagitan ng dosis 1 at 2 |

Kung nakatanggap ka dati ng 1 o higit pang mga dosis ng isang bakuna para sa COVID-19:

| *Bakuna:* | Bilang ng mga dosis na makukuha sa 2025-2026 | Oras ng paghihintay sa pagitan ng mga dosis |
|---|---|---|
| Moderna, O | 1 | 8 linggo o higit pa makalipas ang huling dosis |
| Pfizer, O | 1 | 8 linggo o higit pa makalipas ang huling dosis |
| Novavax (para sa mga edad na 12 at mas matanda lang) | 1 | 8 linggo o higit pa makalipas ang huling dosis |

## Paano Naman ang Mga Side Effect?

Maaaring mangyari ang mga side effect sa unang 3 araw pagkatapos mabakunahan at sa pangkalahatan ay banayad at mahusay na pinahihintulutan. Kabilang dito ang banayad hanggang katamtamang lagnat, pananakit ng ulo, at pananakit ng kalamnan. Maaaring mas malala ang mga side effect pagkatapos ng pangalawang dosis ng mga bakuna ng Moderna at Pfizer. Dapat iwasan ang lagnat sa panahon ng pagbubuntis, lalo na sa unang tatlong buwan. Ang Acetaminophen (Tylenol) ay nirerekomenda kung nakapagpabakuna ka at nagkaroon ka ng lagnat. Ang gamot na ito ay ligtas sa panahon ng pagbubuntis at hindi ito nakakaapekto sa kung paano gumagana ang bakuna.

Sinusubaybayan ng Centers for Disease Control and Prevention at Food and Drug Administration ang kaligtasan ng mga bakuna. Matutulungan mo ang pagsisikap na ito sa pamamagitan ng pag-sign up para sa V-safe, isang programang sumusubaybay sa mga taong nabakunahan. Walang nangyaring hindi inaasahang pagbubuntis o problema sa sanggol. Walang ulat ng anumang mas mataas na panganib ng pagkawala ng pagbubuntis, problema sa paglaki, o depekto sa kapanganakan.

## Maiikling Kaalaman

- Ang pagbabakuna sa COVID-19 sa panahon ng pagbubuntis ay nagpapababa ng panganib ng malubhang sakit para sa ina at sanggol.
- Ang pagbababakuna habang buntis ay nakakatulong sa iyong katawan na lumikha ng mga antibody laban sa COVID-19 virus, na pagkatapos ay ipapasa sa fetus. Pinoprotektahan ng mga antibody na ito ang iyong sanggol mula sa malubhang sakit na COVID-19 at pagkaka-ospital hanggang sa mabakunahan sila sa edad na 6 na buwan.
- Ang mga bakuna ay **hindi** tumatawid sa inunan, hindi nagpapataas ng panganib para sa pagkalaglag, at hindi nakakaapekto sa pagkamayabong o nagdudulot ng malalaking pagbabago sa cycle ng regla.
- Maaari kang mabakunahan para sa COVID-19 anumang oras sa panahon ng pagbubuntis.
- Ang bakuna sa COVID-19 ay maaaring magdulot ng banayad na epekto, tulad ng lagnat o sakit ng ulo. Ligtas na gamitin ang acetaminophen kung kinakailangan.

CDC: COVID-19 Vaccination for Women Who Are Pregnant or Breastfeeding
CDC: COVID-19 Vaccination for Women Who Would Like to Have a Baby
MothertoBaby: COVID-19 Subunit Vaccine (Novavax)
MothertoBaby: COVID-19 mRNA Vaccine (Moderna/Spikevax® and Pfizer/Comirnaty®)

## Talasalitaan

**Mga Antibody:** Mga protinang ginawa ng immune system bilang tugon sa isang sangkap mula sa labas ng katawan, tulad ng isang virus.

**Immune system:** Ang mga selula at organ na nagpoprotekta sa katawan laban sa mga sangkap mula sa labas ng katawan, tulad ng mga bacteria at virus.

**Inunan:** Isang espesyal na organ na nabubuo sa panahon ng pagbubuntis. Pinapayagan nito ang paglipat ng mga sustansya, antibody, at oxygen sa fetus. Gumagawa din ito ng mga hormone na nagpapanatili sa pagbubuntis.

**In-update Agosto 2025**